
www.kidworship.kr


75Page


76Page


77Page


78Page


79Page

# Ang Mayaman at si Lazarus

– 12nd Story–

**N A R** 75p "May isang mayamang lalaki na nakasuot ng mamahaling damit at kumakain ng masasarap na pagkain araw-araw.

**N A R** 76p May isa namang pulubing puno ng galis na ang pangalan ay Lazarus. Dinadala siya sa labas ng pintuan ng bakuran ng mayaman. Gusto niyang makakain kahit ng mga tira-tira lang na nahuhulog galing sa mesa ng mayaman. Nilalapitan siya roon ng mga aso at dinidilaan ang mga galis niya.

**N A R** 77p Namatay ang pulubi at dinala ng mga anghel sa piling ni Abraham.

**N A R** 78p Di nagtagal, namatay ddin ang mayaman at inilibing. Napunta sya sa impyerno kung saan sya nagdanas ng katakut-takot na hirap at pagdurusa. Ang impyerno ay tulad ng walang hanggang dagat ng apoy. Napasigaw ang mayaman sa kanyang pagdurusa at tarantang naghanap ng kahit konting tubig para maibsan ang tuyo nyang lalamunan.

**N A R** 79p Habang nagdurusa sya, nakita niya sa malayo ang langit.

**RICH MAN** Ano? Paano nangyari ito? Paanong nakapunta si Lazarus na pulubi sa tabi ni Abraham?

**N A R** Tulirong tumingin ang mayaman. Inggit na inggit sya kay Lazarus. Tumawag sya kay Abraham.

**RICH MAN** 'Amang Abraham, maawa kayo sa akin! Utusan n'yo po si Lazarus na isawsaw ang daliri niya sa tubig at ipatak sa dila ko para lumamig-lamig ang pakiramdam ko, dahil hirap na hirap ako dito sa apoy.'

**N A R** Sumagot si Abraham.

**ABRAHAM** 'Anak, alalahanin mong noong nabubuhay ka pa sa lupa ay mabuti ang kalagayan mo pero si Lazarus ay hirap na hirap. Ngayon naman ay inaaliw siya rito at ikaw naman ang nahihirapan. Isa pa, hindi maaari ang sinabi mo dahil may malawak na bangin sa pagitan natin. Ang mga nandito sa amin na gustong pumunta riyan ay hindi makakatawid, at ang mga nariyan sa inyo ay hindi rin makakatawid dito.'



80Page



81Page

N A R — Sa lungkot, nagmakaawa kay Abraham ang mayaman.

RICH MAN — Kung ganoon, Amang Abraham, nakikiusap ako sa inyo, papuntahin ninyo si Lazarus sa bahay ng aking ama para bigyan ng babala ang lima kong kapatid na lalaki tungkol sa lugar na ito ng paghihirap, nang hindi sila mapunta rito.'

N A R — Sumagot si Abraham.

ABRAHAM — Nasa kanila ang mga isinulat ni Moises at ng mga propeta. Dapat nilang pakinggan ang mga iyon.'Kung ayaw nilang makinig sa mga isinulat ni Moises at ng mga propeta, hindi rin sila maniniwala kahit may patay pa na muling mabuhay at mangaral sa kanila.

RICH MAN — 'Hindi po sila makikinig doon, amang Abraham. Pero kung may patay na mabubuhay at pupunta sa kanila, magsisisi ang mga iyon.

N A R — Nagsalita muli si Abraham sa mayaman.

ABRAHAM — Ang mga hindi nakinig sa mga buhay na patotoo ay hindi rin makikinig at magsisisi kahit may patay pang muling mabuhay para sabihin sa kanila ang tungkol sa nakakatakot na lugar ng impyerno. Hindi rin sila maniniwala kay Jesus. Kaya nga mahalaga na makinig mabuti sa Salita ng Diyos at tumalikod sa kasalanan habang nabubuhay pa sa daigdig.

N A R — Hindi naniwala ang mayaman na sapat ang Salita ng Diyos para pag–sisihan ang mga kasalanan.

N A R — Hindi sya naniwala sa Salita ng Diyos kaya sya ay napahamak.